
## Kuwento 8 : Ang Mabuting Samaritano

Talata sa Bibliya [Lucas 10:37]

Sumagot ang awtoridad sa batas, "Ang naawa sa kanya." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Humayo ka at gawin mo ang kanyang ginawa."

Ang isang mahusay na mambabatas ay tumayo at sinubukan si Hesus.
"Anong nararapat kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?"
Tinanong ni Hesus ang mambabatas.
"Ano ba ang nasusulat sa utos?"
Sumagot ang mambabatas
"Mahalin mo ang iyong Panginoong Diyos ng buong puso, kaluluwa, lakas at pag-iisip, at mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili."
At sinabi ni Hesus, "Tama ang iyong sagot. Gawin mo ito at magkakaroon ka ng buhay na walang hanggan."
Ngunit gustong patunayan ng mambabatas ang kaniyang sarili kaya't tinanong niyang muli si Hesus,
"Sino ang aking kapwa?" Sumagot si Hesus sa pamamagitan ng isang kwento.
May isang lalaking galing sa Jerusalem patungo sa Jericho ng siya ay may nakasalubong magnanakaw.
Pinunit ng magnanakaw ang kaniyang damit at binugbog siya bago ito tuluyang umalis.
Iniwan siyang halos patay na
Hindi makatayo ang lalaki sa sobrang sakit. Ngunit nakarinig ito ng yabag ng paa.
Galing ito sa isang pari na naghahandog ng sakripisyo sa Diyos na nasa templo.
Ngunit nang makita ng pari ang lalaki, nilagpasan niya lamang ito.
Maya-maya ay may narinig na naman itong yabag ng mga paa. Galing ito sa isang Levita na tumutulong sa mga pari sa templo.





Nakita rin nito ang lalaking nakahandusay sa kalsada ngunit nilagpasan niya rin ito.
Ang kawawang lalaki ay patuloy na nanghihina. Ngunit nakarinig muli ito ng yabag ng mga paa.
Isang Samaritano ang naglalakbay at nakasakay sa kaniyang asno.
Siya ay Samaritano na tinitingnan bilang mababa ng mga Israelita.
Nanghihina na ang lalaki at siya ay parang susuko na nang may kamangha-manghang nangyari.
Bumaba ang Samaritano sa kaniyang asno at tinulungan ang lalaki.
Pinunasan ng Samaritano ang dugo ng lalaki.
At nilinisan ang sugat ng lalaki nilagyan ng pamahid at maingat na tinapalan ng tela.
Isinakay ng Samaritano ang lalaki sa kaniyang asno at dinala ito sa bahay panuluyan.
Kinabukasan, nagbigay ng pera ang Samaritano sa namamahala ng bahay panuluyan, at sinabi
"Kailangan ko ng umalis ngayon kaya't pakiusap alagaan mo siya ng maayos. Babalik ako at babayaran ko ang kulang na bayad." Pagkatapos ni Hesus magkwento, tinanong nito ang mambabatas.
Mayroong tatlong tauhan sa kwento- isang pari, Levita, at Samaritano.
Sino sa kanila ang sa tingin mo ang totoong kapwa ng isang lalaking ninakawan?
Sumagot ang eksperto, "Ang isang lalaking may awa na tumulong sa lalaki- ang Samaritano."
Sinabi ni Hesus, "Tama, kaya't humayo ka at gawin din ito."



**Gawain 1.** Sagutan ang sumusunod na tanong.

a. Ano ang nangyari sa lalaking mula sa Jericho na papunta sa Jerusalem?

---------------------------------------------------------------------------------

b. Ilang lalaki ang dumaan malapit sa lalaking inatake ng mga tulisan?

---------------------------------------------------------------------------------

c. Basahin ang Lucas 10:33-35. Sino ang tumulong sa lalaking inatake ng mga tulisan at ano ang ginawa nito para sa kanya?

---------------------------------------------------------------------------------

- **Basahin ata Isaulo ang talata ng bibliya. (Lucas 10:37)**

> **Sumagot ang awtoridad sa batas, "Ang naawa sa kanya." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Humayo ka at gawin mo ang kanyang ginawa."**

**Gawain 2.** Bilugan kung ano ang kailangang gumaling at mabawi nitong lalaking inatake ng mga tulisan.



